

# Kasama sa Mga Sipi Kriminal ang Sibil na Prosesong Administratibo

Ang State Board of Equalization (BOE) ay nagbigay sa iyo ng kriminal na sipi sa ilalim ng kapangyarihan ng Batas sa Paglilisenasya ng Mga Kalakalang Sigarilyo at Tabako ng California ng 2003 (California Cigarette and Tobacco Products Licensing Act of 2003) (Dibisyon 8.6 ng Kodigo ng Pangkabuhayan at Mga Propesyon). Ang pagsipi ay ibinigay para sa (mga) paglabag sa Negosyo at mga Propesyon at/o sa mga seksyon ng Kodigo ng Kita at Pagbubuwis tulad ng tinukoy sa pagsipi.

## Pagharap sa Korte

Dapat kang humarap sa korte sa petsa at oras na ipinakita sa pagsipi. Maaari makatanggap ka ng abiso mula sa Abugado ng Distrito tungkol sa kriminal na mga paglilitis.

## Mga Multang Sibil

Karagdagan sa anumang parusang kriminal na ipinataw ng mga korte, maaari ka ring managot sa parusang sibil na ipinatutupad ng BOE (tingnan ang Kodigo ng Kabuhayan at Mga Propesyon sa mga seksyon 22974.4 at 22978.7 sa likod ng abisong ito). Makatatanggap ka ng “Abiso ng Paglabag” mula sa Dibisyon ng Pantanging mga Buwis at Bayarin ng BOE. Ang abisong ito ay magtatala ng lahat ng iyong mga paglabag at magpapaliwanag ng iyong mga karapatan sa pag-apela. *Pakisuyong basahing mabuti ang abiso.*

Anumang ang multa ng korte na ipinataw sa panahon ng kriminal na paglilitis, bibigyang-pansin ng BOE ang lahat ng paglabag na orihinal na nabanggit sa kriminal na pagsipi. Ang karagdagang mga sibil na parusa na tinasa ng BOE ay maaaring maglakip ng suspensyon o pagpapawalang-bisa ng iyong lisensya sa mga produktong sigarilyo at tabako at posibleng mga multa. Ang mga multang sibil ay maaaring bawasan ng multa ng korte na naipataw na.

## Para sa Karagdagang Kaalaman

Kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa prosesong sibil ng BOE, maaari kang makipag-ugnayan sa Dibisyon ng Pantanging Buwis at mga Bayarin sa pamamagitan ng Information Center ng BOE sa 800-400-7115.

Kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa mga seksyon ng kodigo, maaari kang magtanong inspektor para liwanagin ang (mga) seksyon ng batas o maaari kang makipag-ugnayan sa Dibisyon ng Imbestigasyon ng BOE sa 916-324-0105

# Kodigo ng Kabuhayan at Mga Propesyon (probisyon para sa mga multa)

## **22974.4 at 22978.6—Pagpapawalang-bisa**

Babawiin ng BOE ang lisensya alinsunod sa probisyon na kapit sa pagpapawalang-bisa ng lisensya gaya ng nakasaad sa Seksyon 30148 ng Kodigo ng Kita at Pagbubuwis, ng sinumang nagtitingi o sinumang tao na kumukontrol sa nagtitingi na:

- (a) Napatunayang nagkasala ng mabigat alinsunod sa Seksyon 30473 o 30480 ng Kodigo ng Kita at Pagbubuwis.
- (b) Mayroong permit o lisensya na pinawalang-bisa sa ilalim ng anumang probisyon ng Kodigo ng Kita at Pagbubuwis.

## **22974.7 at 22978.7—Parusa para sa paglabag sa mga probisyon**

Karagdagan sa anumang iba pang sibil o kriminal na parusa na ibinigay ng batas, sa pagkatuklas na ang sinumang distribyutor o namamakyaw ay lumabag sa probisyon ng dibisyong ito, ang BOE ay maaaring gumawa ng sumusunod na aksyon:

- (a) Sa kaso ng unang paglabag, maaaring bawiin o suspendihin ng BOE ang lisensya o mga lisensya ng distribyutor o namamakyaw alinsunod sa mga pamamaraan ng pagpapawalang-bisa ng lisensya na nakasaad sa Seksyon 30148 ng Kodigo ng Kita at Pagbubuwis.
- (b) Sa kaso ng ikalawang paglabag o anumang kasunod na paglabag, bilang karagdagan sa aksyon na awtorisado sa ilalim ng subdibisyon (a) , ang BOE ay maaaring magpataw ng parusang sibil sa halagang hindi lalampas sa pinakamataas sa sumusunod:
  - (1) Limang beses ng halaga ng presyong tingi ng kinumpiskang sigarilyo at produktong tabako.
  - (2) Limang libong dolyar (\$5,00).



State Board of Equalization  
Publikasyon 161-TL - Agosto 2014